Tagubilin sa Mga Pamantayan ng Estado sa
Access Points Curriculum
Pangasiwaan ng Florida sa Alternatibong Pagtatasa

Mag-aaral: _____ Petsa: _____
Petsa ng Kapanganakan ng Mag-aaral: _____ Pangalan ng (mga) Magulang: _____
Distrito: _____ Paaralan: _____

Aking nauunawaan na, bilang isang kalahok sa individual educaional plan (IEP) na pangkat, ako ay may karapatan na magbigay pahintulot o tanggihan ang aking anak (o aking sarii, kung ako ay isang adult na mag-aaral) na maturuan ayon sa mga pamantayan ng estado na access points curriculum at mapamahalaan ng Florida Alternate Assessment (FAA) (kung naaangkop, batay sa baitang sa paaralan ng aking anak).

Batay sa Seksyon 1003.5715, Mga Kautusan sa Florida, aking nauunawaan na ang _____ County School District ay hindi maaaring turuan ayon sa mga pamantayan ng estado na mga access point curriculum at pamahalaan ng FAA maliban na lang kung ako ay nakapagkaloob ng nakasulat na pahintulot sa form na ito; o ang distrito ay itinala sa isang dokumento at may makatuwirang mga pagsisikap na kuhanin ang aking pahintulot at ako ay nabigong sumagot; o ang distrito ng paaralan ay nakakuha ng aprubasyon sa pamamagitan ng proseso ng paglilitis at/o pag-aapela. Aking nauunawaan na, habang nakabinbin ang proseso ng paglilitis o pag-aapela hinggil sa isang reklamo, ang aking anak ay mananatili sa kaniyang kasalukuyang itinalagang paaralan o pasilidad habang hinihintay ang desisyon sa paglilitis o mula sa korte, maliban na lamang kung ang distrito ng paaralan at ako ay nagkasundo.

Ang aking pahintulot ay hinihingi dahil ang pangkat ng IEP ay nagpasya na ang iminumungkahing mga kilos ay kinakailangan para makatanggap ng libreng angkop na pampublikong edukasyon ang aking anak. Kung ako ay tumanggi na bigyang pahintulot ang iminungkahing mga kilos, ang aking anak ay maaaring hindi makatanggap ng lahat ng mga serbisyo at suporta na napagpasyahan ng pangkat ng IEP na kailangan, na maaari namang maka-apekto sa pagsulong sa pag-aaral ng aking anak. Aking nauunawaan na, kung ibigay ko ang aking pahintulot, ang aking anak ay hindi magiging karapat-dapat para sa standard high school diploma pero maaaring maturuan sa loob ng karaniwang kapaligiran ng edukasyon batay sa kaniyang IEP. Aking nauunawaan na ang paraang makapasok o makagamit ng mga oportunidad sa hinaharap ulad ng pag-enroll sa kolehiyo o pagpapalista sa militar ay maaaring limitado kung ang aking anak ay walang standard na high school diploma. Ang pahintulot na ito ay mananatiling may bisa hanggang sa susunod na taunang pagrerepaso ng IEP, o hanggang sa susunod na pagpupulong ng IEP kung pag-usapan ang mga pagtuturo ayon sa mga pamantayan ng estado sa mga access point curriculum at pamamahala ng FAA, kung alinman ang mauna.

☐ Aking binibigyang pahintulot ang pagtuturo ayon sa mga pamantayan ng estado sa mga access point na curricuum at pamamahala ng FAA (kung naaangkop, batay sa baitang sa paaralan ng aking anak).

_____	_____	_____	_____
Lagda ng Magulang	Petsa	Lagda ng Magulang	Petsa

☐ Hindi ko pinapahintulutan ang pagtuturo ayon sa mga pamantayan ng estado sa mga access point na curricuum at pamamahala ng FAA (kung naaangkop, batay sa baitang sa paaralan ng aking anak).

_____	_____	_____	_____
Lagda ng Magulang	Petsa	Lagda ng Magulang	Petsa

Kung inyong nilagdaan ang *"Hindi ko pinapahintulutan ang pagtatalaga,"* sa loob ng sampung araw na may pasok ang paaralan, ang distrito ng paaralan ay kailangang bumuo at magpatupad ng bagong pamamaraan sa pagtuturo at pagtatasa na alinsunod sa isang bagong IEP **o** kailangang humiling ng isang paglilitis.

Kayo ay mayroong mga partikular na karapatan at protesyon na inilalarawan sa *Notice of Procedural Safeguards for Parents of Students with Disabilities (Abiso ng Mga Pansanggalang sa Pamamaraan para sa Mga Magulang ng Mga Mag-aaral na May Kapansanan.* Para makatanggap ng isang kopya nito, o tulong sa pag-uunawa ng inyong mga karapatan, makipag-ugnayan sa:
_____ sa _____ O_____ sa _____
(Hinirang ng distrito) (Telepono/email) (Alternatibong contact) (Telepono/email)

Mga dokumento ng mga pagsubok na kumuha ng pahintulot:

1. Petsa nang Ipinadala/Paraan na Ginamit: _____
2. Petsa nang Ipinadala/Paraan na Ginamit: _____